

**City of Tracy**  
**Patakarang Ukol sa Pagputol ng Residential Water Service Kapag Hindi Nagbayad**

**1. Layunin/Background:**

Ang patakarang ito ay itinatag alinsunod sa Senate Bill 998 na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” (California Health and Safety Code §§ 116900-116926).

**2. Aplikasyon:**

Ang Patakarang ito ay aaplay lamang sa pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad. Ang mga kasalukuyang ordinansa, resolusyon, patakarang at pamamaraan ng City of Tracy ay patuloy na aaplay sa anumang non-residential water service accounts at sa pagputol ng residential water service para sa ibang mga dahilan, kabilang ang pagputol ng service connection ng City of Tracy (ang “Lungsod”) dahil nilabag ng customer ang anumang ibang ordinansa, regulasyon, o patakarang ng Lungsod.

**3. Availability ng Patakarang:**

Ilalaan ng Lungsod ang Patakarang ito sa Ingles at sa mga wikang nakalista sa Kodigo Sibil Seksyon 1632, kung saan kabilang ang Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at anumang ibang wika na sinasalita ng 10 porsiyento (10%) man lamang ng mga taong naninirahan sa service area ng Lungsod. Ang Patakarang ito ay gagawing available sa publiko sa website ng Lungsod.

**4. Telepono:**

Ang Finance Department ng Lungsod ay maaaring kontakin sa telepono sa (209) 831-6800 para humingi ng tulong tungkol sa pagbayad ng mga singil sa tubig at para talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad, sa ilalim ng mga tadhana ng Patakarang ito.

**5. Mga Dapat Mangyari Bago Putulin ang Residential Water Service Kapag Hindi Nagbayad:**

a. 60-araw ng Delinquency Period (Panahon ng Pagiging Delinkwente)

Hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad hangga't ang customer ay naging delinkwente nang 60 araw man lamang.

b. Abiso

Pitong (7) araw ng negosyo man lamang bago putulin ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad, kokontakin ng Lungsod ang customer gamit ang isang nakasulat na abiso. Ang nakasulat na abiso ay ibibigay sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Kodigo Sibil Seksyon 1632, at sa anumang ibang wikang sinasalita nang kahit 10 porsiyento (10%) man lamang ng mga taong naninirahan sa service area ng Lungsod.

- i. Ang nakasulat na abiso ng pagiging delinkwente ng bayad at ang darating na

pagputol ng tubig ay ipapadala sa customer sa mailing address na nakasulat sa account. Kung ang mailing address ay naiiba sa address ng property kung saan naglalaan ng water service, ang nakasulat na abiso ay ipapadala rin sa mail sa service address at ito'y ipapangalan sa "Occupant".

- ii. Kasama sa nakasulat na paunawa ng pagputol ng serbisyo ang sumusunod:
  - A. Pangalan at address ng customer.
  - B. Ang delinkwenteng halaga.
  - C. Petsa kung kailan kinakailangan ang bayad o payment arrangements upang maiwasan ang pagputol ng residential water service.
  - D. Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa isang extension ng panahon upang mabayaran ang mga delinkwenteng singil.
  - E. Isang paglalarawan ng proseso upang ipetisyon ang pagrebyu at pag-apela ng bill.
  - F. Isang paglalarawan ng pamamaraan para makapag-request ang customer ng isang deferred, mas mababa, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortization ng delinkwenteng singil sa residential water service, alinsunod sa Patakarang ito.
  - G. Ang telepono, business address, at oras ng trabaho ng Finance Department customer service desk ng Lungsod.
- iii. Maaari ring tawagan ng Lungsod ang customer sa telepono upang sabihan ito tungkol sa darating na pagputol ng residential water service. Kung sinabihan ang customer sa telepono, bibigyan ng Lungsod ang customer ng opsyon na makakuha ng kopya ng Patakarang ito at ng opsyon na pag-usapan ang mga alternatibong pagbabayad ng customer at ang mga pamamaraan para rebyuhin at apelahin ang bill ng customer.
- iv. Kung hindi matawagan ng Lungsod ang customer o adult na nasa tirahan, at kung bumalik sa mail ang nakasulat na abiso dahil hindi ito ma-deliver, pagsisikapan ng Lungsod na bisitahin ang residence at mag-iwan, o maglagay sa isang madaling makitang lugar, ng isang abiso ukol sa mangyayaring pagputol ng residential water service kapag hindi nagbayad, at ng kopya ng Patakarang ito.

c. 48-Oras na Abiso Ukol sa Pagputol ng Serbisyo

Aabisuhan ng Lungsod ang customer 48 oras bago nito putulin ang residential water service kapag hindi nagbayad. Ang paraan ng pagbigay ng abiso ay ibabatay sa paraang pinili ng customer kung paano niya gustong matanggap ang abiso (text, telepono, o email). Ang mga customer na hindi pumili ng paraan ng pagtanggap ng abiso ay aabisuhan sa pamamagitan ng pagtelepono sa kanila. Kung hindi makontak ng Lungsod ang customer gamit ang text, telepono, o email, pagsisikapan ng Lungsod na bisitahin ang residence at mag-iwan ng abiso ukol sa pagputol ng residential water service; ang abiso ay iiwanan sa isang madaling makitang lugar.

**6. Impormasyon Ukol sa Pagbalik ng Serbisyo:**

Kung pinutol na ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad, bibigyan nito ang customer ng impormasyon ukol sa kung paano makukuha muli ang residential water service.

## 7. Mga Restriksyon sa Pagputol ng Residential Water Service:

- a. Kung natutupad ang **lahat** ng mga sumusunod na kondisyon, hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service kapag hindi nagbayad:
  - i. Ang customer, o tenant ng customer, ay magsusumite sa Lungsod ng sertipiko ng primary care provider, tulad ng paglalarawan nito sa Welfare and Institutions Code Seksyon 14088(b)(A)(1), kung saan nakapahayag na ang pagputol ng residential water service ay mapanganib sa buhay, o malubhang pagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng isang taong naninirahan sa lugar kung saan naglalaan ng residential water service.
  - ii. Napatunayan ng customer na hindi niya kayang bayaran ang residential water service sa loob ng karaniwang billing cycle ng Lungsod.
    - A. Ang customer ay ituturing na hindi makapagbayad para sa residential water service sa loob ng karaniwang billing cycle ng Lungsod kapag may sino mang miyembro ng sambayanan ng customer ang kasalukuyang tumatanggap ng:
      - 1) CalWORKs,
      - 2) CalFresh,
      - 3) General assistance,
      - 4) Medi-Cal,
      - 5) Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o kaya
      - 6) California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children, o kaya
      - 7) Ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambayanan ay mas mababa sa 200 porsiyento (200%) ng federal poverty line.
    - iii. Ang customer ay handang pumasok sa isang amortization agreement, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plan para sa deferred o mas mababang bayad, alinsunod sa Seksyon 7.b. ng Patakarang ito.
  - b. Mga Alternatibong Payment Arrangement o Iskedyul ng Pagbabayad
    - i. Kung natutupad ng customer ang lahat ng mga kondisyon na nakalista sa Seksyon 7.a. na nasa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:
      - A. Amortization ng balance na hindi pa nababayaran.
      - B. Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
      - C. Bahagi o buong pagbawas ng hindi pa nababayaranang balance na na-finance nang walang mga karagdagang singil sa ibang ratepayers.
      - D. Pansamantalang deferral ng pagbayad.
    - ii. Maaaring piliin ng Finance Director o ng designado nito kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad na nakalarawan sa Seksyon 7.b.i. sa itaas ang maaaring available sa customer, at maaari nitong itakda ang mga kondisyon para sa opsyon sa pagbabayad na iyon. Sa karaniwan, ang inaalok na opsyon sa pagbabayad ay dapat mauwi sa pagbayad ng anumang natitirang outstanding balance sa loob ng 12 buwan. Ang Lungsod ay maaaring maglaan ng mas mahabang panahon para sa pagbabayad kung sa palagay nito'y kinakailangan ang mas matagal na panahon upang maiwasan ang labis na

kahirapan sa customer batay sa background ng indibidwal na kaso.

c. Mga Obligasyon ng Customer

Ang customer ay dapat patuloy na magbayad para sa residential water service tuwing lumalabas ang mga singil sa bawat sumusunod na billing period. Ang customer ay hindi maaaring humingi ng karagdagang amortization ng anumang susunod na hindi pa nababayaranang singil habang binabayaran niya ang mga delinkwenteng singil alinsunod sa isang alternatibong arrangement sa pagbabayd. Simula sa petsa kung kailan pinasukan ang unang payment arrangement, ang mga customer na hindi tumutupad sa isang pinagkasunduang payment arrangement ay hindi magiging eligible para sa mga payment arrangement sa darating na 12 buwan, maliban kung ito'y pinagbabawal ng batas.

d. Pagputol ng Serbisyo Kapag Hindi Tumupad sa mga Alternatibong Payment Arrangement o Iskedyul ng Pagbabayad

- i. Ang residential water service ay maaaring putulin makalipas ng 5 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod sa isang madaling makitang lugar sa property ng final notice o pinakahuling abiso na nagpapahayag na balak nitong putulin ang serbisyo para sa alinman sa mga sumusunod na kaso:
  - A. Hindi tinupad ng customer ang amortization agreement, ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil nang 60 araw o mahigit pa.
  - B. Habang tinutupad ang isang amortization agreement, ang isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang deferral o pagbawas sa payment plan para sa mga delinkwenteng singil, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residential water service nang 60 araw o mahigit pa.

**8. Mga serbisyo kapag may Landlord-Tenant Relationships:**

a. Paunawa sa mga Umuupa/Naninirahan sa Tirahan, sa mga Sitwasyon ng Landlord-Tenant Kung Saan may Master Meter

Kung ang Lungsod ay naglagay ng mga indibidwal na metered residential water service sa mga naninirahan sa isang detached single-family dwelling, isang multi-unit residential structure, mobilehome park, o permanenteng tirahan sa isang labor camp tulad ng paglalarawan nito sa Health and Safety Code Section 17008, at ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istruktura, o park ay ang customer of record (customer na nasa file), 10 araw man lamang bago putulin ng Lungsod ang tubig, pagsisikapan nito na abisuhan ang mga naninirahan sa lugar, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag nahuhuli ang bayad para sa account at ang serbisyo ay puputulin na. Ipapahayag sa nakasulat na abiso na ang umuupa/naninirahan ay may karapatang maging mga customer ng Lungsod at na hindi nila kailangang bayaran ang halagang dapat na bayaran sa delinkwenteng account basta handa nilang sagutin ang mga susunod na singil para sa residential water service sa address na iyon.

b. Serbisyo sa mga Umuupa/Naninirahan

Hindi gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga umuupa/naninirahan sa tirahan maliban kung ang bawat taong naninirahan ay sumang-ayon sa mga tadhana at mga kondisyon ng Lungsod para sa residential water service at natutupad nila ang

requirements sa ilalim ng batas, at ang mga ordinansa, mga resolusyon, mga regulasyon, at/o mga patakaran ng Lungsod. Gayunman, kung isa o higit pa sa mga umuupa/naninirahan sa tirahan ay handa at maaaring managot para sa mga susunod na singil para sa water service, sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may pisikal na paraan na magagamit ng Lungsod upang mapili nito kung sino sa mga umuupa/naninirahan sa tirahan ang puputulan ng Lungsod ng serbisyo dahil hindi nila natupad ang requirements ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo doon sa mga naninirahan na sa palagay ng Lungsod ay nakatupad sa mga kondisyon na iyon.

c. Detached Single-Family Dwellings

Para sa detached single-family dwelling, maaaring gawin ng Lungsod ang alinman sa sumusunod:

- i. Magbibigay ng abiso na puputulin nito ang residential water service 7 araw man lamang bago ng iminumungkahing pagputol ng serbisyo.
- ii. Upang maipawalang-bisa ang halagang dapat na bayaran sa delinkwenteng account, hihilingan nito ang isang umuupa/naninirahan na magiging customer na patunayan ang kanyang tenancy sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang rental agreement.

**9. Mga Karagdagang Bagay na Dapat Isaalang-alang Batay sa Kahirapan sa Pananalapi:**

- a. Kung ipinakita ng isang customer ng residential water service sa Lungsod na ang household income o kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line, gagawin ng Lungsod ang dalawang ito:
  - i. Sisingil ito ng fee para ibalik ang residential water service tulad ng nakatakda sa Tracy Municipal Code Section 11.12.060(a).
  - ii. Isang beses bawat 12 buwan ay ipapawalang-bisa ang interest na sisingilin sa mga delinkwenteng bill.
- b. Isasaalang-alang ng Lungsod na ang isang customer ng residential water service ay may household income o kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty line kapag:
  - i. May sinomang miyembro ng sambahayan ang kasalukuyang tumatanggap ng:
    - A. CalWORKs,
    - B. CalFresh,
    - C. General assistance,
    - D. Medi-Cal,
    - E. Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o kaya
    - F. California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children, o kaya
    - G. Ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento (200%) ng federal poverty line.

**10. Pamamaraan upang Rebyuhin o Apelahin ang isang Bill:**

Kung nais ng customer ng residential water service na iparebyu o apelahin ang anumang bill o singil na ibinigay ng Lungsod, maaaring gawin ng customer ang alinman sa sumusunod:

- a. Rebyuhin ang bill:
  - i. Ang customer ay may karapatang hilingin na rebyuhin ang bill sa pamamagitan ng pagkontak sa Finance Department.
  - ii. Habang pinag-aaralan ng Lungsod ang bill, hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service sa customer.
- b. Pag-apela ng bill:
  - i. Maaaring apelahin ang isang residential water service bill sa Finance Director alinsunod sa mga pamamaraang nakatakda sa Tracy Municipal Code Seksyon 1.12.010(a).
  - ii. Kung hindi maayos ng customer ang problema niya sa kanyang bill, tulad ng itinakda sa Seksyon 10. b. ii. sa itaas, maaari niyang apelahin ang residential water service bill sa City Manager alinsunod sa mga pamamaraan na nakatakda sa Tracy Municipal Code Seksyon 1.12.010.
  - iii. Hindi puputulin ng Lungsod ang residential water service sa customer habang pending ang appeal.

#### **11. Ano ang Kinakailangan para Mag-ulat:**

Taun-taon ay iuulat ng Lungsod sa website nito at sa State Water Resources Control Board kung ilan ang kanilang pinutol na residential water service dahil hindi nakabayad.